

8

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuarter 1

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8
Kuarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)
TP 2024-2025

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon..

Mga Tagabuo

Manunulat: Shaina Blanca J. Gerente

Tagasuri: PNU-RITQ Management Team

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

VALUES EDUCATION/ UNANG KUWARTER / BAITANG 8

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamumuhay nang payak bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan upang malinang ang kapayakan.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	Nakapagsasanay ng kapayakan sa pamamagitan ng pagbibigay-prioridad sa mga pangangailangan kaysa sa kagustuhan a. Nakapagpapahayag ng mga paraan ng payak na pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan b. Nahihinuha na ang payak na pamumuhay at wastong pagkunsumo ay kailangan bilang pakikiisa ng tao sa pag-iingat sa kalikasan c. Naisasakilos ang mga paraan ng payak na pamumuhay bilang pansariling pag-iingat sa kalikasan
C. Nilalaman	Pamumuhay ng Payak Bilang Pansariling Pagiingat sa Kalikasan
D. Lilinanging Pagpapahalaga(Values to be Developed)	Kapayakan (Simplicity)
E. Integrasyon	

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO
Bunda, W. (n.d.). <i>Modyul 5 Pagkonsumo</i>. Academia.edu - Share research. https://www.academia.edu/34707604/Modyul_5_Pagkonsumo <i>Katiwala Ng Kalikasan</i>. (2015, June 10). Interpretasyon at Paglalapat. Retrieved May 1, 2024, from https://paglalapat.wordpress.com/2015/06/07/pentecost-2/

Mangubat, M. (2018, March 10). *Pangangailangan at Kagustuhan*. prezi.com. Retrieved May 1, 2024, from <https://prezi.com/p/-nhjwthnwpw8/pangangailangan-at-kagustuhan/>

Punsalan, T. G., Caberio, S. T., Nicolas, M. D., & Reyes, W. S. (2007). *Kaganapan sa Maylalang* (1st ed.). Rex Bookstore.

Shiva, V. (2023, May 8). *A simplicity revolution : An ecological and ethical imperative to protect life on earth and ensure justice for all beings*. Navdanya international. Retrieved May 1, 2024, from <https://navdanyainternational.org/world-simplicity-day-12th-july-2020/>

Unit 3: Aralin 7 - Simpleng Pamumuhay ng Tao Tungo sa Tunay na Kaligayahan. (n.d.). Scribd. Retrieved May 1, 2024, from <https://www.scribd.com/document/475233503/UNIT-3>

Wheeler, J. (2020). *Simplicity as a New Environmental Virtue*. DigitalCommons@USU | Utah State University Research. <https://digitalcommons.usu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1498&context=honors>

Bidyong Ginamit:

ABS CBN. (2018, October 7). *Matanglawin: Vehicular toys from recycled materials* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=KNuVwxZqRU4>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA SA GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman	UNANG ARAW 1. Maikling Balik-aral PANGUNGUSAP KO, KUMPLETUHIN MO! Panuto: Base sa iyong paniniwala o relihiyong kinabibilangan, magbigay ng mga sariling paraan ng pagdakila sa iyong kinikilalang Diyos batay sa nakalipas na aralin na tinalakay. Gawin ito sa pamamagitan ng pag kumpleto ng pangungusap sa ibaba. “Dinadakila ko ang aking Diyos Kaya’t ako ay _____”. Mga tanong: 1. Paano nakatutulong ang mga paraan na nabanggit upang pahalagahan ang mga nilikha ng Diyos?	Ang guro ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat ng bubuuin na pangungusap sa pisara at susundan ng mga bilang na paglalagyan ng sagot ng mga mag aaral. Maaari din namang mag sagot ang mga mag aaral ng berbal. Matapos ang bahagian ay ibigay ang katanungan. Gawin ang gawain sa loob lamang ng 3 minuto.

B. Paglalahad ng Layunin

1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin

SIMPLENG PAMAMARAAN, NAKATUTULONG DIN!

Panuto: Panooring mabuti ang video na ipapanuod ng guro. Pagkatapos ay subuking sagutan ang mga katanungan sa ibaba.



ABS-CBN News. (2018, October 7). *Matanglawin: Vehicular toys from recycled materials* [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=KNuVwxZqRU4>

Mga Tanong

1. Ano ang iyong natutunan mula sa bidyo na iyong pinanuod?
2. Sa iyong palagay, nakatulong ba ang aksyon ni Joel na paggawa ng *recycled* na laruan sa ating kalikasan? Paano?
3. Bakit mahalaga ang pagtulong sa kalikasan sa pamamagitan ng simpleng pamumuhay tulad ng paggamit ng mga patapon ng bagay?
4. Biglang isang mag-aaral anong mga paraan pa ang maaari mong gawin upang makatulong sa kalikasan?

2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin

HANAY SALITA

Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang usapan ng mga karakter sa komiks. Subuking tukuyin ang kahulugan ng mga salitang kulay **PULA** sa pamamagitan ng kung paano ito ginamit ng mga karakter. Itugma ang mga salita sa mga kahulugan na nasa ibaba upang mabuo ang pangungusap.

Ipapapanuod sa mga mag-aaral ang bidyo. Pagkatapos ay subuking mapalabas ng guro sa mga mag-aaral na sa simpleng buhay na mayroon tayo mayroon tayong magagawang mga simpleng pamamaraan upang makatipid sa pinansyal kasabay ang pagtulong sa kalikasan. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.

Para sa alternatibong gawain kung magkakaroon ng problema sa internet maaaring magpakita ng bagay na gawa sa *recycled materials* tulad ng upuan na gawa sa plastic at palitan ang una at pangalawang tanong gamit ang mga katanungang ito:

1. Sa iyong palagay, saan gawa ang upuan o bagay na ito?

2. Nakatutulong ba ang paggawa ng *recycled* na kagamitan sa ating kalikasan? Paano?

—

Maaaring mag tawag ang guro ng dalawang mag-aaral upang ipabasa ang maikling komiks

	1. Ang _____ ay tumutukoy sa simpleng pamumuhay at pagiging kuntento na nakatuon sa pangunahing pangangailangan at hindi umaasa sa labis na konsumo. 2. Ang _____ ay ang Pagbili o paggamit ng mga produkto o serbisyo upang matugunan ang pangangailangan ng tao.. 3. Ang _____ ay tumutukoy sa mga bagay na mahalaga sa ikabubuhay ng tao. 4. Ang _____ ay tumutukoy sa mga bagay na nais makamit upang mabigyan ng kasiyahan o satsipaksyon ang sarili 5. _____ ang tawag sa taong binigyan ng responsibilidad at pananagutan na pangasiwaan ang mga likas na yaman.	na mag rerepresenta sa dalawang karakter. Gawin ang gawain sa loob ng 4-5minuto. Para sa mas malinaw na komiks, narito ang link na maaaring gamitin. https://docs.google.com/presentation/d/1nNAsHFXmw2kZWojrayWuQ-UvcvRJMnn6WITA78gF-bs/edit?usp=sharing Bilang gabay narito ang mga kasagutan na inaasahan sa mga mag-aaral. 1. Kapayakan 2. Pagkunsumo 3. Pangangailangan 4. Kagustuhan 5. Katiwala
A. Paglinang at Pagpapalalim	Kaugnay na Paksa 1: Ang Payak na Pamumuhay at Wastong Pagkunsumo Bilang Pakikiisa ng Tao sa Pag-iingat sa Kalikasan 1. Pagproseso ng Pag-unawa Hindi lingid sa kaalaman ng marami na upang ang tao ay mabuhay kinakailangan niyang gumamit ng ilang likas na yaman. Ngunit kaakibat nito ang pag-unawa na may limitasyon at hangganan ang mga yaman ng mundo at dapat nating iwasan ang labis na pagkuha o gumawa ng mga gawaing nagdudulot ng pinsala rito (Wheeler, 2020). Ito ang ideya ng birtud ng “Kapayakan o simplicity” na ang ibig sabihin ay	Talakayin ang unang parte ng Paglinang at Pagpapalalim sa loob ng 25 minuto

	ang pagnanais na hindi kumuha ng labis o kulang mula sa likas na yaman na nagpapakita ng wastong pagkonsumo. Tandaan natin na ang pagkuha ng higit sa kung ano lamang ang kinakailangan ng tao ay lumalabag sa mga limitasyon, hangganan at integridad ng ating kalikasan. Nag reresulta rin ito sa higit pang pangangailangan sa mga likas na yaman na humahadlang sa patas na distribusyon nito (Dr. Shiva, 2020). Ang virtue ng simple o payak na pamumuhay ang magbabalanse sa walang hanggang paghahangad at pagnanais ng tao (contentment). Ang pagtanggap sa kalagayan ng isang tao ay isang mahalagang aspeto ng kapayakan o simplicity. Ang isang indibidwal na may ganitong kakayahan ay hindi magiging biktima ng mapanlinlang na kaisipian o mentalidad na “mas marami, mas maganda” na malawakang umiiral sa kasalukuyang mundong ito. Maiiwasan rin ang patuloy na paghahangad ng tao sa mga materyal na bagay na para lamang sa luho at walang hanggang paggasta. Madalas din nating paniwalaan ang katagang “Kailangan kong makuha o mabili ito” nang hindi iniisip kung ito ba ay iyong pangangailangan o kagustuhan lamang. Kung ating bibigyang kahulugan, ang pangangailangan ay tumutukoy sa mga bagay na mahalaga sa ikabubuhay ng tao, tulad ng pagkain, damit at tirahan. Ang kagustuhan naman ay tumutukoy sa mga bagay na nais makamit upang mabigyan ng kasiyahan o satisfaksyon ang sarili tulad ng laruan, nauusong gamit at iba pang bagay na hindi naman kinakailangan. Tanong: Ano ang mga pangangailangan at kagustuhan ng tao? Sa pamamagitan ng pag alam sa iyong pangangailangan at kagustuhan ay maipapakita mo ang wastong pagkonsumo sa mga produkto na gawa sa ating likas na yaman. Ang wastong pagkonsumo o responsableng pagkonsumo ay ang paggamit ng mga likas na yaman at produkto sa isang paraan na nagbibigay-diin sa pagiging responsable at epektibo sa paggamit ng mga ito.	Itanong ang katanungan sa mga mag-aaral at magkaroon ng maikling pagbabahagian.
--	--	--

	IKALAWANG ARAW Narito ang ilang paraan upang maging simple ang iyong pamumuhay: 1. Bilhin lamang ang mga Bagay na Kailangan Mo. Mag-budget nang maingat at gamitin ang pera nang may kabutihan. 2. Iwasang manghiram ng pera o gamit. Iwasan ang pag-utang na hindi mo kayang bayaran. Kung mapagtitiiisan ang gamit na nasa iyo, gawin mo, maliban na lamang kung ito ay talagang pangangailangan. 3. Iwasang bumili ng gamit na madaling masira o mawala sa uso. Bumili ng gamit na matibay at hindi agad mawawala sa uso para sa mas matagal na gamit. 4. Kung maaaring lakarin ang pagpasok sa paaralan at hindi makasisira sa iyong kalusugan, gawin ito. Ang paglalakad ay maka pagpapalakas pa ng iyong katawan. 5. Simpleng Pagdiriwang sa Bahay: Ang sobrang garbong paghahanda ay hindi na praktikal ngayong panahong ito. Iwasan ang labis na paghahanda sa mga okasyon sa bahay. Maghanda ng sapat lamang para iyong pamilya at mga bisita. 6. Maging Simple sa Pamumuhay: Ang simpleng pamumuhay ay nagbibigay ng katahimikan at kaligayahan. Iwasan ang komplikasyon sa buhay. 2. Pinatnubayang Pagsasanay PAGSUSURI NG SITWASYON Panuto: Suriin ang mga sitwasyon sa ibaba at tukuyin kung tama ba ang naging kilos ng bawat karakter sa pamamagitan ng paggamit ng iyong natutunan sa aralin. Sitwasyon 1: Si Maya ay isang mamimili na may limitadong budget ngunit gustong bumili ng bagong sapatos para sa isang okasyon. Sa kanyang paghahanap, nakakita siya ng isang magandang sapatos na pasok sa kanyang budget at susuoting damit ngunit natuklasan niya na ito ay hindi <i>eco-friendly</i> at gawa sa materyales na hindi <i>sustainable</i>. Sa bandang huli ay napagdesisyonan ni maya na hindi ito bilhin. Tama ba ang kaniyang naging desisyon? Ipaliwanag.	Magkaroon ng maikling balik araw sa naging talakayan tungkol sa payak na pamumuhay at wastong pagkonsumo. Talakayin ang mga paraan upang maging simple ang pamumuhay sa loob ng 20 minuto. Pagkatapos ng gawain, ipoproceso ng guro ang kaugnayan ng ginawa sa naging talakayan tungkol sa Payak na pamumuhay at wastong pagkonsumo bilang pag-iingat sa kalikasan. Ipaliwanag rin ang kahalagahan ng tamang desisyon at kilos. Subuking
--	--	--

Sitwasyon 2: Si Alex ay nag-aalinlangan kung dapat ba niyang gamitin ang air conditioning unit sa kanyang kwarto dahil sa sobrang init ng panahon. Subalit, ang kanyang aircon ay luma na at malakas kumain ng kuryente, na maaaring magdulot ng mataas na bayarin sa kuryente. Ngunit dahil sa kaniyang kagustuhan na mapasarap ang panonood ng pelikula ay binuksan niya pa rin ito. Tama ba ang kaniyang naging desisyon? Ipaliwanag. Sitwasyon 3: Si Diego ay naghahanap ng bagong shampoo ngunit iniisip niya ang epekto nito sa kalikasan. Nakakita siya ng shampoo na may magandang quality ngunit napansin niya na ito ay nasa plastic packaging. Sa kabilang banda, mayroon ding shampoo na available sa refillable packaging ngunit may kaunting pagkakaiba sa presyo nito. Napagdesisyunan niya na bilhin ang magandang ang nasa plastic packaging dahil ayaw niyang mapagod sa pa refill ng shampoo kung ito ay mauubos. Tama ba ang ginawa ni Diego? Ipaliwanag. Mga Tanong: 1. Ano-ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy kung tama ba ang mga ginawang kilos ng mga tauhan sa sitwasyon? 2. Bakit mahalaga na isaalang-alang ang mga ito? 3. Bilang isang mag-aaral, ano ang maari mo pang gawin upang masiguro na ang iyong binibili ay talagang pangangailangan at hindi nakakasira sa kalikasan? 3. Paglalapat at Pag-uugnay TARA SA PAMILIHAN! Panuto: Bilhin ang mga produktong nasa listahan sa ibaba. Suriing mabuti at siguraduhin na ito ay kasya sa ibinigay na badyet. Ilagay sa unang kolumn ang numero ng mga produktong iyong pinili. Ibigay din ang mga dahilan sa pagbili nito sa pangatlong kolumn. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan. <table><tr><td></td><td>Badyet: P1,500.00</td></tr></table>		Badyet: P1,500.00	matapos ang gawain sa loob ng 10 minuto. Maaaring gawin ang gawain ng grupo o dalawahan. Subuking tapusin ang gawain sa loob ng 10 minuto. Siguraduhin na maliwanag ang bawat larawan upang hindi
	Badyet: P1,500.00		



LISTAHAN NG MGA BIBILHIN (*Lagyan ng check kung nabili na ang nasa listahan*)

- Pataba sa lupa
- Bagong Sipilyo
- Shampoo
- Bagong Sapatos

mahirapan ang mga mag-aaral sa pagpili. Maaari ding palitan ng guro ang mga produkto at presyong gagamitin sa gawain.

Narito ang link na maaring gamitin ng guro.


https://www.canva.com/design/DAGDJo_V2c8/W-3qstewl8rQWIDUaUj2gA/edit?utm_content=DAGDJo_V2c8&utm_campaign=designshare&utm_medium=link2&utm_source=harebutton

PRODUKTO	Presyo	DAHILAN NG PAGBILI
Kabuuan ng nagastos:		
Perang natipid:		


	Pamprosesong mga tanong: 1. Ano- ano ang iyong mga isinaalang-alang sa pagpili ng iyong mga bibilhin? Bakit ito mahalaga? Ipaliwanag. 2. Paano mo naipakita ang kapayakan at wastong pagkonsumo sa pagpili ng iyong bibilhin na produkto? 3. Ano-ano ang mga paraan na maaari mo pang gawin upang mapaunlad mo ang pagiging simple sa buhay at responsableng mamimili upang makatulong sa kalikasan? IKATLONG ARAW <u>Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng mga Paraan ng Payak na Pamumuhay Bilang Pansariling Pag-iingat sa Kalikasan</u> 1. Pagproseso ng Pag-unawa Nakasalalay sa bawat indibidwal ang pagkakaroon ng likas-kayang pag-unlad at pagbabago ng ating kalikasan. Nagsisimula sa ating personal na pagtatalaga ng sarili ang kagustuhang baguhin ang uri ng ating pamumuhay. Nangangahulugan din ito ng isang kritikal na proseso ng pagsusuri ng ating mga gawain at pagpili at pagsasaalang-alang ng mga epekto nito sa sarili, sa kapwa at sa kabuuang kalagayan ng kapaligiran. Tandaan natin, tayo ang nagsisilbing Steward o Katiwala ng Panginoon sa pangangalaga ng ating kalikasan. Ayon nga sa Bibliya, sa Panginoon ang buong sangnilikha, pati tayo, at sa atin <i>ipinagkatiwala</i> ng Diyos ang <i>pamamahala at pangangalaga</i> sa sangnilikhang ito. Tayo rin ang responsable sa kung paano natin ginagamit at inaabuso ito. Ang pamumuhay nang simple ang pinakamabisa at responsableng pamamaraan upang mapamahalaan at mapigilan ang patuloy na pagkasira ng kalikasan. Kung ang bawat tao ay magsisikap at boluntaryong itatalaga ang kanilang mga sarili, mas higit na mapabibilis ang pagsagip natin sa ating inang kalikasan. <i>Paano nga ba ang tamang pamumuhay nang simple? Anu-ano ang mga mahahalagang hakbang na maaari nating gawin para sa ating sarili at sa kalikasan?</i>	Subuking talakayin ang Kaugnayang Paksa 2 sa loob ng (30) minuto.
--	---	--

	Narito rin ang ilang paraan ng Payak na Pamumuhay na nag-iingat sa Kalikasan (Punsalan, T. G., Caberio, S. T., Nicolas, M. D., & Reyes, W. S., 2007). 1. Magkaroon ng Kakayahang magmuni-muni ng iyong mga Pagpili at Pagkilos at Kaugnay nito sa Kapaligiran. Maging mapanuri sa mga bagay na ating binibili at ginagamit. Gumamit ng mga produktong hindi nakasasama sa kalusugan at kalikasan. 2. Maging Kritikal at Responsable sa Paggamit ng Likas na Yaman: Maging matipid sa paggamit at iwasang ang pag aaksaya sa paggamit ng tubig at elektrisidad. 3. Suportahan ang Environmental-Friendly na mga Libangan: Igalang ang kalikasan sa pamamagitan ng pag sasagawa ng mga libangan na makatutulong sa kapaligiran tulad ng pagtatanim ng halaman. 4. Maging Aktibo sa mga Programa para sa Kalikasan: Sumali sa mga organisasyon tulad ng Green Forum o Save The Planet na nagtataguyod ng environmental awareness. 2. Pinatnubayang Pagsasanay SUKATAN NG KILOS Panuto: Tukuyin kung ano- ano ang mga paraan ng tamang pamumuhay nang simple na nakatutulong sa iyong kalikasan na iyo nang ginagawa. Isalarawan ito sa pamamagitan ng paghahati kung ang ang pinaka madalas mong ginagawa sa hindi gamit ang pie chart. Gabay at Halimbawa: Pinakamalaking hati- pinakamadalas gawin Pinakamaliit na hati- hindi madalas gawin	Ibibigay ng guro ang halimbawa matapos sabihin ang panuto para magbigay kalinawan sa gagawin. Ang pie chart ay isang graphic representation na ginagamit upang ipakita ang proporsyon ng mga bahagi ng kabuuang bilang ng isang kategorya.
--	--	---

Example:



Gawa:



Pagkatapos ng gawain ay magkaroon ng bahagian sa klase. Gawin ang gawain sa loob ng 10 minuto.

Mga Tanong:

1. Ano ang iyong nalaman mula sa pagsasalarawan ng iyong mga madalas na ginagawa sa hindi?
2. Sa iyong palagay, ano ang naidudulot nang hindi madalas na paggawa ng mga paraan ng simpleng pamumuhay sa ating kalikasan?
3. Ano-ano ang dapat mong isaalang-alang upang maisakilos o mas magawa ang mga paraan ng tamang pamumuhay nang simple o payak bilang saring pag-iingat sa kalikasan?

IKAAPAT NA ARAW

3. Paglalapat at Pag-uugnay

TALAAN NG KILOS-GAWA

Panuto: Gamit ang mga pamamaraan ng payak na pamumuhay na nag-iingat sa kalikasan na nabanggit sa talakayan. Punan kung paano mo ito maisasakilos sa loob ng iyong tahanan o komunidad na kinabibilangan.


MGA PARAAN NA NAG-IINGAT SA KALIKASAN

SARILING KILOS O PARAAN NA GAGAWIN

Magkaroon muna ng maikling balik aral ang guro sa naging talakayan tungkol sa mga hakbang o paraan payak na pamumuhay na nag-iingat sa kalikasan. Pagkatapos ay ibigay na ang gawain. Ipatabi sa mga mag-aaral ang ginawang gawain dahil ito ay gagamitin para sa kanilang takdang aralin.

	<table><tr><td>1. Magkaroon ng Kakayahang magmuni-muni ng iyong mga Pagpili at Pagkilos at Kaugnay nito sa Kapaligiran.</td><td></td></tr><tr><td>2. Maging Kritikal at Responsable sa Paggamit ng Likas na Yaman</td><td></td></tr><tr><td>3. Suportahan ang Environmental-Friendly na mga Libangan:</td><td></td></tr><tr><td>4. Maging Aktibo sa mga Programa para sa Kalikasan</td><td></td></tr></table> Mga Tanong: 1. Paano makatutulong ang mga hakbang o kilos na iyong ginawa sa pangangalaga sa kalikasan? Ipaliwanag.	1. Magkaroon ng Kakayahang magmuni-muni ng iyong mga Pagpili at Pagkilos at Kaugnay nito sa Kapaligiran.		2. Maging Kritikal at Responsable sa Paggamit ng Likas na Yaman		3. Suportahan ang Environmental-Friendly na mga Libangan:		4. Maging Aktibo sa mga Programa para sa Kalikasan		Gawin ito sa loob ng 15 minuto. Subukang kunin ang ilang kasagutan ng mga mag-aaral at i-proseso ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling pamamaraan sa kung paano makakatulong sa kalikasan.
1. Magkaroon ng Kakayahang magmuni-muni ng iyong mga Pagpili at Pagkilos at Kaugnay nito sa Kapaligiran.										
2. Maging Kritikal at Responsable sa Paggamit ng Likas na Yaman										
3. Suportahan ang Environmental-Friendly na mga Libangan:										
4. Maging Aktibo sa mga Programa para sa Kalikasan										
B. Paglalahat	1. Pabaong Pagkatuto BAON KONG ARAL Panuto: Gamit ang baunan o <i>bento box</i> sa ibaba, subuking alalahanin ang mga aral na natutunan mo ngayong araw na iyong babaunin hanggang sa pag-uwi. Punan ang hinihingi ng bawat lagayan. 1 2 3 4 Bilang 1-3: Magbigay ng tatlong mahahalagang konsepto na natutuhan mo tungkol sa pamumuhay ng payak at wastong pagkonsumo bilang pangangalaga sa kalikasan?	Ipaliwanag sa mga mag-aaral na sa pagtatapos ng aralin ay mahalaga na tayo ang may baong aral na ating isasabuhay palalguin. Upang malaman ang kanilang mga natutunan ay ipagawa ang gawain sa paglalahat. Tapusin ito sa loob ng 10 minuto.								

	Bilang 4: Sa lumalalang isyu at problema sa kalikasan paano mo ito maibabahagi sa iyong pamilya, kapwa, at kaibigan? 2. Pagninilay sa Pagkatuto ISA, DALAWA, TATLO Panuto: Pagnilayan ang mga natutuhang aral tungkol sa Payak na Pamumuhay at Wastong Pagkonsumo Bilang Pangangalaga sa Sarili at punan ang hinihingi ng bawat bilang. UNANG HAKBANG: Magbigay ng isang aral na pinakatumatak sa iyo. IKALAWANG HAKBANG: Magbigay ng dalawang katanungan tungkol sa aralin na nais mong masagot. IKATLONG HAKBANG: Magbigay ng tatlong paraan kung paano mo makukuha ang kasagutan sa iyong dalawang katanungan.	Tapusin ito sa loob ng 5 minuto.
--	---	---



IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY		MGA TALA SA GURO
A. Pagtataya	1. Pagsusulit Panuto: Basahin nang may pang-unawa ang mga pangungusap. Isulat sa patlang ang TAMA kung ang pangungusap ay nagsasaad ng katotohanan at MALI naman kung hindi. 1. Ang virtue ng simple o payak na pamumuhay ay nagbabalanse sa walang hanggang paghahangad at pagnanais ng tao 2. Ang pagkakaroon ng payak o simpleng pamumuhay ay nagtuturo sa tao ng kaisipan o mentalidad na “mas marami, mas maganda”.	Pasagutin ang mga mag-aaral sa pagsusulit sa loob ng 5 minuto MGA KASAGUTAN 1. TAMA 2. MALI 3. TAMA 4. MALI

	3. Ang pangangailangan ay mga bagay na mahalaga sa ikabubuhay ng tao, ang kagustuhan naman ay mga bagay na nais makamit para sa kasiyahan. 4. Sa pagbili ng mga produkto o serbisyo hindi kinakailangang isinasaalang-alang ang kumpletong ikot ng buhay nito. 5. Ang pagiging Steward o Katiwala ay nangangahulugan na tayo ang nagmamay ari ng lahat ng sangnilkha kaya maaari nating gawin ang anumang nais natin dito. 1. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin Panuto: Balikan ang ginawang aktibidad sa TALAAN NG KILOS-GAWA. Pumili ng tatlong kilos o paraan sa iyong mga sagot at subuking gawin ang mga ito sa loob ng iyong tahanan o komunidad. Kunan ng litrato ang iyong ginawa at ilagay ito sa picture frame na nasa ibaba. Mga Tanong: 1. Naging mahirap ba para sa iyo ang pagsasakilos ng iyong mga sariling pamamaraan? Bakit? 2. Ano ang iyong natutunan mula sa iyong ginawang aksyon? Ipaliwanag.			5. MALI Ipapasa sa mga mag-aaral ang gawa sa susunod na pagkikita. Ipaliwanag ang takdang aralin sa loob ng 5 minuto.
B. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa

	Estratehiya			pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.
	Kagamitan			
	Pakikilahok ng mga Mag-aaral			
	At iba pa			
C. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.